


Araling Panlipunan

Ikaapat na Markahan – Modyul 5

Epekto ng Ideolohiya, Cold War at Neokolonyalismo sa Iba't ibang Bahagi ng Daigdig



**Araling Panlipunan – Ikawalong Baitang
Alternative Delivery Mode**

**Ikaapat na Markahan – Modyul 5: Epekto ng Ideolohiya, Cold War at
Neokolonyalismo sa Iba't ibang Bahagi ng Daigdig**

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa **Batas Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon

Kalihim: Leonor Magtolis Briones

Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat:	Geoffrey A. Retita, Emily B. Pactorayan
Editor:	Filipina F. Meehlieb
Reviewers:	Josephine Chonie M. Obseñares, Marino L. Pamogas, Lilifreda P. Almazan, Leowenmar A. Corvera, Alyn M. Tolero Jr., Faith Notarte, Edwin C. Salazar, Joel Plaza, Junel Lapinid
Illustrator:	
Layout Artist:	Aldrin V. Ubas, Florendo S. Galang
Mga Nangasiwa:	Francis Cesar B. Bringas Isidro M. Biol, Jr. Maripaz F. Magno Karen E. Galanida Florence E. Almaden Carlo P. Tantoy Noemi D. Lim Sammy D. Altres

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Kagawaran ng Edukasyon – Rehiyon ng Caraga

Office Address: Schools Division Office of Surigao City
M. Ortiz Street, Barangay Washington, Surigao City, Surigao del Norte
Telefax: (086) 826-3075; (086) 826-1268
E-mail Address: surigao.city@deped.gov.ph

Araling Panlipunan

**Ikaapat na Markahan – Modyul 5
Epekto ng Ideolohiya, Cold War at
Neokolonyalismo sa Iba't ibang
Bahagi ng Daigdig**

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

Pamantayang Pangnilalaman:

Naipamamalas ng mag-aaral ang pag-unawa sa kahalagahan ng pakikipag-ugnayan at sama-samang pagkilos sa kontemporaryong daigdig tungo sa pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran.

Pamantayang Pagganap:

Ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa mga gawain, programa, proyekto sa antas ng komunidad at bansa na nagsusulong ng rehiyonal at pandaigdigang kapayapaan, pagkakaisa, pagtutulungan, at kaunlaran.



Alamin

Sa modyul na ito inaasahan na iyong matututunan ang bunga ng mga Ideolohiya, Cold War at ng Neokolonyalismo sa iba't ibang bahagi ng daigdig.

Ang mga paksa na nakapaloob sa modyul na ito ay sistematikong inayos upang mas madaling maunawaan ang daloy ng iyong pag-aaral.

May mga angkop na gawaing inihanda para sa iyo upang maging makabuluhan ang iyong pag-aaral. Kailangan mong gawin o sagutan ang lahat ng mga gawain sa modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot.

Ang modyul na ito ay nakapokus sa pagtalakay tungkol sa **Epekto ng Ideolohiya, Cold War at Neokolonyalismo sa Iba't ibang Bahagi ng Daigdig** na nahahati sa sumusunod na paksa:


- **Paksa 1** - Iba't Ibang Ideolohiya
- **Paksa 2** - Ang Cold War
- **Paksa 3** - Ang Neokolonyalismo

Pinakamahalagang Kasanayang Pampagkatuto:

- Natataya ang epekto ng mga ideolohiya, ng Cold War at ng Neokolonyalismo sa iba't ibang bahagi ng daigdig. (**MELC 5 AP8 Q4 Week 7 / AP8AKD-IVi-10**)

Pagkatapos mong mapag-aralan ang modyul, inaasahang iyong:

- naisusulat ang ibat-ibang epekto ng mga ideolohiya sa aspeto ng ekonomiya, pamahalaan, at lipunan;
- naitatala ang mabuti at di-mabuting epekto ng cold war at ng neokolonyalismo;
- nabubuo ang isang makabuluhang paglalahat sa mga konsepto na may kinalaman sa paksang ideolohiya, cold war, at neokolonyalismo;
- naibibigay ang sariling hinuha tungkol sa epekto ng impluwensiyang kultural ng neokolonyalismo;
- nailalahad ang sariling mungkahi tungkol sa paraan ng pagputol ng mga bansa sa pagkakatali mula sa sistemang neokolonyalismo ng mga makapangyarihang bansa;
- naiguguhit ang isang poster batay sa sariling pag-unawa na naglalarawan sa sistema ng neokolonyalismo.



Subukin

Panuto: Basahin at piliin ang letra ng tamang sagot. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

1. Ano ang tawag sa sistemang pang-ekonomiya na nakatuon sa malayang paggalaw ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan?

A. Kapitalismo C. Sosyalismo
B. Komunismo D. Totalitarianismo

2. Paano mailalarawan ang demokrasya bilang uri ng pamahalaan?

A. Malayang pumili ang tao ng kanyang iboboto.
B. Limitado ang karapatan ng mga mamamayan.
C. Iisang relihiyon lamang ang susundin ng lipunan.
D. Pantay ang kalagayan ng tao sa lipunan, walang mahirap, walang mayaman.

3. Ano ang tawag sa uri ng pamahalaan na ang namumuno ay siya ring puno ng relihiyon ng estado?

A. Awtoritarianismo C. Sosyalismo
B. Kapitalismo D. Totalitarianismo

4. Paano pinapanatili ng isang lider ang kanyang kapangyarihan sa ilalim ng sistema ng totalitarianismo?
 - A. Katigan ang mga kahilingan ng mga negosyante.
 - B. Ginawang insitibo ang pagbibigay ng mga lupain.
 - C. Kontrolin ang pamahalaan, ekonomiya, at mass media.
 - D. Bibigyan ng malawak na karapatan ang mga mamamayan.

5. Paano makakamit ng sosyalismo ang perpektong lipunan?
 - A. Pantay na katayuan ng mga tao sa lipunan
 - B. Palayasin sa bansa ang mga taong nanggugulo sa gobyerno.
 - C. Ikukulong ang mga kumakalaban o tumutuligsa sa pamahalaan.
 - D. Maghikayat ng mga mamumuhunan upang palakasin ang ekonomiya.

6. Ano ang pangunahing tungkulin sa pagkatatag ng International Monetary Fund sa panahon ng Cold War?
 - A. Maibigay ang hinihinging benepisyo ng mga sundalo
 - B. Maisasaayos ang pandaigdigang sistema sa pananalapi
 - C. Maisulong ang gawaing rekonstruksyon at rehabilitasyon
 - D. Tulungan ang mga sugatan sa digmaan at mga maysakit

7. Alin sa sumusunod ang hindi epekto ng Cold War sa mga manggagawa ng Soviet Union?
 - A. Bumaba ang moral ng mga manggawa.
 - B. Naging mahusay sila sa kanilang trabaho.
 - C. Kawalan ng trabaho para sa manggagawa.
 - D. Nakapanglulumong kalagayan ng mga pagawaan.

8. Anong mahalagang kaganapan ang nakatulong sa United States upang manguna sa paggalugad sa kalawakan sa panahon ng Cold War?
 - A. paglunsad ng Apollo 11 sa kalawakan
 - B. paglunsad ng Apollo 12 sa kalawakan
 - C. paglunsad ng Sputnik I sa kalawakan
 - D. paglunsad ng Sputnik II sa kalawakan

9. Ano ang mahalagang epekto ng kasunduan na tapusin ang Arms Race noong Cold War?
- Lumaki ang alokasyon sa programang pabahay at patubig.
 - Napaglaanan ng malaking pondo ang gawaing pang-ekonomiya.
 - Nakapaglaan ng pera para sa benipisyong matatanggap ng mga sundalo.
 - Mailigtas ang mundo mula sa panganib na maaaring idulot ng digmaang nuclear at biochemical.
10. Saan nakatuon ang mga polisiya ni Nikita Krushchev ng USSR?
- pagpahalaga sa kalikasan
 - pagpigil sa pagdami ng mga armas
 - pagtaguyod ng mapayapang pamumuhay
 - pagbabahagi ng libreng gamot sa mga mamamayan
11. Ano ang tawag sa panibagong pamamaraan ng pananakop pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig?
- Imperyalismo
 - Kolonyalismo
 - Merkantilismo
 - Neokolonyalismo
12. Bakit sinabing pakunwaring tulong lamang ang nakapaloob sa neokolonyalismo?
- Itinali ang bansang tinulungan sa patakaran at motibo ng bansang tumulong.
 - Mas pinapaboran ang kapakanan ng mga mahihirap kaysa mga mayayaman.
 - Ang bansang tumulong ang mas nangangailangan ng ayuda kaysa bansang tinutulungan.
 - Hangarin ng bansang tumulong na direktang sakupin at angkinin ang lupain ng bansang sinaklolohan.
13. Alin sa sumusunod ang hindi epekto ng neokolonyalismo?
- Continued enslavement
 - Lose of Pride
 - Over dependence
 - Peaceful Co-existence

14. Paano naapektuhan sa pagpasok ng neokolonyalismo ang mga lokal na negosyante?

- A. Humina o bumagsak ang kanilang mga ipinatayong negosyo.
- B. Lumaki ang kanilang kita kung ikumpara sa kita ng mga banyaga.
- C. Lalong lumakas ang kanilang produkto dahil mas pinili ito ng karamihan.
- D. Pinagbantaan silang guguluhin kung hindi ipapasara ang kanilang mga negosyo.

15. Ano ang tawag sa epekto ng neokolonyalismo na ang mga kanluraning produkto ay mas mabuti at magaling kaysa sa sariling gawa?

- A. Continued enslavement
- B. Loss of Pride
- C. Over dependence
- D. Peaceful Co-existence



Balikan

Gawain 1: K - W - L

Panuto: Punan ang talahanayan sa ibaba ng hinihinging detalye. Gawin ito sa hiwalay na papel.


Paksa	K (Know) <i>(What I know?)</i>	W (Want to know) <i>(What I want to know)</i>	L (Learned) <i>(What I learned)</i>
Ideolohiyang Panlipunan			
Ideolohiyang Pampulitika			
Ideolohiyang Ekonomiya			



Tuklasin

Gawain 2: Sisidlan ng Epekto

Panuto: Basahin ang mga salita sa bawat bunga. Ilagay ito sa loob ng basket kung ito ba ay dulot ng Cold War o ng Neokolonyalismo. Gawin ito sa hiwalay na papel.



Suriin

Hinahangad sa bahaging ito na mauunawaan mo ang epekto ng ideolohiya, Cold War at Neokolonyalismo upang lubos mong maintindihan ang mga kasalukuyang kaganapan sa mundo. Basahin mo ang sumusunod na paksa at maging handa sa mga pamprosesong tanong at mga kasanayan kaugnay sa mga paksa na ito.

Iba't Ibang Ideolohiya

Saklaw ng ideolohiya ang mga usaping pangkabuhayan, pampulitika, at panlipunan. Mararamdaman ang magkaibang epekto batay sa uri ng pamahalaan na niyakap ng mga bansa. Malaki ang impluwensiya ng sistema o kalipunan ng mga ideyang ito sa paraan ng pag-iisip, pagkilos, at maging sa pagtingin ng mga tao sa lipunan.

Sa sitwasyon ng kapitalismo, binigyan ang mga pribadong negosyante ng kalayaang makapagdesisyon sa dami ng ipapagawa o ipapalabas na produkto sa pamilihan. Naging susi o insintibo ito para maging mayaman, kaya laganap ang kompetisyon. Dumami ang pagpipiliang produkto o bilihin ng mga konsumer ngunit sa kabila nito sila ay napagsamantalahan ng mga kapitalista. Nagdulot din ito ng hindi pantay na distribusyon ng produksyon ng bansa at malaking puwang sa pagitan ng mayaman at mahirap. Sa kalaunan, kontrolado na ng mga negosyante ang sistemang pangkabuhayan at nasapawan na ang pamamalakad ng gobyerno.

Sa kabilang banda, kaiba naman ang kalagayan sa sosyalismo. Ang lahat ng mekanismo sa produksiyon ay pag-aari at pinangasiwaan ng isang pangkat ng tao, samantalang ang mahahalagang industriya ay pagmamay-ari ng pamahalaan. Naputol ang mga kalabisan at pagsasamantala ng sistemang kapitalismo. Ninais ang patas na pamamahagi ng produksyon sa mamamayan kung saan pinapangasiwaan ng pamahalaan ang pagsasaayos ng kita ng mga mangangalakal. Nakapaloob sa sistemang ito na walang mapagpipiliang mga produkto ang mga tao. Ang bawat mamamayan ay may pantay na katayuan sa pagpapahusay ng kondisyong panlipunan dahil lahat ay sama-sama sa pagtataguyod nito.

Ang mga bansa na nasa ilalim ng demokrasya naman ay nagkaroon ng malawak na karapatang pantao subalit makikita pa rin ang hindi pagkapantay-pantay sa ekonomiya at lipunan. Dahil sa prinsipyong kapitalismo, kung saan hindi maaaring pakialaman ng pamahalaan ang pamilihan maaaring abusuhin ng mga negosyante ang kanilang karapatan na nagreresulta sa mga gawain tulad ng monopolyo, kung saan kinokontrol ng iilan lamang ang pamamahagi ng produksiyon na nakaapekto sa pagtaas ng presyo ng mga bilihin. Dahil dito ang iilan na may hawak ng mga negosyo ay lalong yayaman samantala, ang karamihan ay makakaranas ng paghihirap.

Kahit na ang mamamayan ay may kapangyarihan sa pagpili ng magiging lider, hindi pa rin masisiguro ang kaayusan at kaunlaran sapagkat may mga nailuklok sa puwesto na nagmalabis sa tungkulin at ipinagwalang-

bahala ang kapakanan ng mga mamamayan. Maaaring magmalabis ang lider na sakim sa kapangyarihan na mauwi sa isang diktadurya kung saan isinasalin niya ang lahat ng kapangyarihan ng estado sa kanyang sarili na maaaring humantong sa pang-aabuso sa karapatang pantao at kaguluhan.

Salungat naman ang totalitarianismo. Takot at disiplinado ang mga tao. Namayani ang kapangyarihan ng isang pangkat o diktador sa pagkontrol sa pamahalaan, ekonomiya, *mass media* o mga uri ng pamamahayag, relihiyon, kaisipan at galaw ng lipunan dahil nilimitahan ang mga natatanging karapatan tulad ng malayang pagkilos, pagsasalita, pagpapahayag ng paniniwala, at pagsalungat sa gobyerno. Inaasa na lamang ng mga tao ang pagpapasya sa usaping pangangasiwa at ang pamamalakad sa pamahalaan. Walang nahahawakang propyedad ang mga mamamayan dahil lahat ng mga lupain, kayamanan ng bansa, at mga pagawaan ay pagmamay-ari ng gobyerno. Samantalang sa awtoritarianismo, ang namumuno ng pamahalaan ay may lubos na kapangyarihan at pinuno ng relihiyon ng estado.

Pamprosesong mga Tanong

Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na katanungan. Gawin mo ito sa hiwalay na papel.

1. Ilarawan ang mga katangian ng sumusunod na ideolohiya:
 - a. Kapitalismo
 - b. Demokrasya
 - c. Totalitarianismo
 - d. Awtoritarianismo
 - e. Sosyalismo
2. Sa iyong palagay, paano nakaapekto ang ideolohiya at pagpili ng uri ng pamahalaan sa pag-unlad ng isang bansa?

Ang Cold War

Ang Cold War ay isang hidwaan ng dalawang makapangyarihang bansa o *superpower countries*. Naganap ito matapos ang Ikalawang Digmaang Pandaigdig at nagtapos noong 1991. Ito ay digmaan ng dalawang ideolohiya sa pagitan ng sosyalismo at komunismo na isinusulong ng USSR at modelong kapitalismo at demokrasya na isinusulong ng Amerika. Ang pagkakaiba sa ideolohiya at paniniwala ng dalawang bansa ang dahilan ng tunggalian at hindi pagkakaunawaan na nauwi sa *arms race*, *space race*, at iba pang aspetong pulitikal at ekonomikal na nagpasidhi ng kanilang hidwaan.

Naglipana ang mga imbensiyon ng magkabilang panig. Itinuon ang atensyon sa pagpaligsahan sa kalawakan o space race. Ipinalipad ng USSR ang Sputnik I at Volstok I kung saan sakay nito ang pinakaunang cosmonaut na si Yuri Gagarin na nagawang malibot ang himpapawid ng daigdig. Sa kabilang banda, iwinagayway ng US ang kanilang bandila sa pamamagitan ng pagpapalipad ng Friendship 7, *spaceflight mission* ng Apollo 11, at Telstar na isang *satellite* na ginamit sa komunikasyon. Ang *spaceflight mission* ng Apollo 11 ay tinaguriang isa sa matagumpay na misyon kung saan nagawang marating at maapakan ng tao ang buwan. Pinag-ibayo din ang pag-aaral sa puwersang nukleyar na may malaking kahalagahan sa pagsulong at pag-unlad ng teknolohiya sa pakikidigma, medisina, enerhiya, at komunikasyon.

Tumindi ang hindi pagkakaunawaang pampolitika, pangmilitar, at kalakalan ng mga bansa. Ang pagpapatupad ng *economic sanctions* ng Amerika ay nagdulot ng paghina at pagbagal ng daloy ng ekonomiya (*economic recession*) sa USSR kung saan naapektuhan ang mga negosyo at mahalagang kabuhayan ng mga tao. Dahil dito, bumaba ang moral ng mga trabahador at naapektuhan ang kalagayang pang-ekonomiya sa USSR. Hindi naman matiyak ang totoong pagkakaisa sanhi ng malubhang hidwaan sa pagpapatupad ng magkaibang pamamaraan ng dalawang bansa. Bukod dito, naging mapanganib ang pagbuo ng mga organisasyong pansandatahan kagaya ng North Atlantic Treaty Organization o NATO, WARSAW Treaty Organization o WARSAW Pact, at kilusang *non-aligned* na maging dahilan ng digmaan.

Napahusay ng United States hindi lamang ang kasanayan sa sandatahang-lakas, pati na rin ang pandaigdigang galaw ng sistemang kapitalismo. Upang maisaayos ang takbo ng malayang kalakalan sa buong daigdig at ang pandaigdigang sistema ng pananalapi, itinatag ang International Monetary Fund (IMF). Dagdag rin ang pagpapabuti ng papel na ginampanan ng World Bank (WB) para sumaklolo sa rehabilitasyon at rekonstruksyon.

Noong namayapa na si Joseph Stalin ng USSR, nakiusap si Nikita Krushschev na iwasan na ang pakikipagdigma at ipairal ang *Peaceful Co-existence* o Mapayapang Pakikipamuhay. Ang pagbabago ng pamamalakad sa ekonomiya o *perestroika* at palaging bukas ng namumuno sa lipunan o *glasnost* ay itinaguyod ni Mikhail Gorbachev. Bumuhos ang paglalaan ng alokasyon para sa ekonomiya at pondo para sa ikabubuti ng mga mamamayan nang magkasundo ang United States at Soviet Union na itigil na ang *Arms Race*.

Pamprosesong mga Tanong

Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na katanungan sa sagutang papel.

1. Ano ang Cold War?
2. Paano nakaapekto ang Cold War sa usaping pangkapayapaan, panlipunan, at pang-ekonomiya sa buong mundo?
3. Sa iyong palagay, paano nakatutulong ang kasunduan na itigil ang *arms race* sa pagitan ng US at USSR sa pagpapanatili ng kapayapaan sa mundo?

Ang Neokolonyalismo

Ang Neokolonyalismo ay hango sa salitang “*neo*” na ibig sabihin ay bago at kolonyalismo naman na nangangahulugang pananakop. Ipinapahiwatig ng neokolonyalismo ang paraan ng pananakop kung saan hindi gumagamit ng puwersa o dahas upang kontrolin ang mga mahihirap na bansa. Ginagawang kasangkapan ang pagpapautang sa mga mahihirap na bansa katumbas ng pagsunod nito sa mga utos at naisin ng mga makapangyarihang bansa.

Sumibol ito bilang isang panibagong pamamaraan ng pananakop pagkatapos ng Ikalawang Digmaang Pandaigdig. Kahit na walang direktang presensya ng militar o pangangasiwa sa pamahalaan ay walang tigil ang impluwensiya ng mga mananakop sa mga bansang dati nilang kolonya.

Saklaw nito ang lahat ng antas na may kaugnayan sa lipunan. Hawak at pinalawak ang kapangyarihan sa ekonomiya, politika, militar, at ideolohikal. Kinasangkapan ang modernong sistema sa pamumuhunang industriyal at pinansyal, hanggang sa nangingibabaw ang mga negosyo sa bansang sakop at lumaki ang tubo sa kalakalan dahilang ng pagbagsak o hindi pag-unlad ng mga lokal na negosyante.


Samantala, ang pagtamo ng tunay na kalayaan ng mga mamamayan at maging ng bansa ay hinahadlangan. Patuloy pa rin ang pang-aalipin o *continued enslavement*. Tumulong ang mga kolonyalista sa pagpapalago ng pangkabuhayan ng bansang sakop subalit ang tunay na hangarin ay igapos ang bansang inalalayan sa sariling patakaran at layunin ng bansang sumaklolo. Gayundin naman ang ginawa ng International Monetary Fund at World Bank na nagpapautang pero may kaakibat na kondisyon na kapag hindi susundin ay hindi pauutangin. Tinawag itong *debt trap* na nagpalubog sa mga mahihirap na bansa upang hindi makaahon. Hanggang sa umabot sa punto na ang dating kolonya ay labis na umaasa o over dependence sa mga maunlad na bansa.

Binago ng neokolonyalismo ang kultural na aspeto na humantong sa kawalan ng karangalan o *loss of pride*. Hindi alintana ng mga kolonya na unti-unti na nilang nakalimutan ang likas na angkin dahil naimpluwensyahan na sila ng mga banyaga. Mula sa pananamit hanggang sa mga kinagawian ay makikitang pinakabatayan na ang kultura ng mga dayuhan. Maging sa pagkain ay ipinagpalit na ang mga katutubong pagkain sa mga dala ng dayuhan tulad ng *hotdog*, *hamburger*, at mansanas at marami pang iba. Binalewala ang pagtangkilik sa sariling mga produkto dahil mas hinangaan at ninais ang mga bagay na gawa ng mga dayuhan. Dagdag pa ang pagkatuto at paggamit ng wika ng mga Amerikano sa pagtuturo at pakikipagtalastasan na naging sanhi ng hindi pagyabong ng sariling wika.

Pamprosesong mga Tanong:

Panuto: Sagutan ang mga sumusunod na katanungan sa sagutang papel.

1. Ano ang pamamaraan at layunin ng neokolonyalismo?
2. Paano nakaapekto ang neokolonyalismo sa kalagayan ng mga bansa na saklaw nito?
3. Sang-ayon ka ba sa neokolonyalismo? Oo o Hindi? Ipaliwanag.



Pagyamanin


Gawain 3: Apektado Ako

Panuto: Ibigay ang hinihingi sa bawat kolum ng talahanayan. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Mga Ideolohiyang Laganap	Epekto sa Lipunan	Epekto sa Ekonomiya	Epekto sa Pamahalaan
1. Kapitalismo			
2. Demokrasya			
3. Awtoritaryanismo			
4. Sosyalismo			
5. Totalitaryanismo			

Gawain 4: Timbang-Epekto

Panuto: Itala ang mga mabuti at di-mabuting epekto ng Cold War at Neokolonyalismo. Gawin ito sa hiwalay na papel.



Isaisip

Gawain 5: Dagdag-Tama

Panuto: Dugtungan ang sumusunod na ideya upang makabuo ng makabuluhang talata na naglalaman ng iyong paglalahat tungkol sa paksa. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Natutuhan ko sa araling ito na ang epekto ng ideolohiya _____.


_____, samantalang sa Cold War _____.

Habang ang epekto naman ng neokolonyalismo _____.

Isa sa mahalagang nahihinuha ay _____.

Ito ay mahalaga sapagkat _____.

Sa pangkabuuan, _____.



Isagawa


Gawain 6: Tanggap Ko, Impluwensiya Mo

Panuto: Punan ang talahanayan ng iyong hinuha batay sa impluwensiyang kultural ng neokolonyalismo sa aspeto ng pagkain, pananamit, wika, at kaugalian. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Aspeto	Impluwensiya	Hinuha
Pagkain		
Pananamit		
Wika		
Kaugalian		

Gawain 7: Putol-Tali

Panuto: Magmungkahi ng tatlong paraan upang maputol ang pagkakatali ng mga bansa sa pamamaraang neokolonyalismo.



Tayahin

Panuto: Basahin at piliin ang letra ng tamang sagot at isulat sa sagutang papel.

1. Sa ideolohiyang totalitarianismo, paano pinanatili ng isang diktador ang kapangyarihan nito?
 - A. Katigan ang mga kahilingan ng mga negosyante.
 - B. Ginawang insitibo ang pagbibigay ng mga lupain.
 - C. Kontrolin ang pamahalaan, ekonomiya, at mass media.
 - D. Bibigyan ng malawak na karapatan ang mga mamamayan.

2. Ano ang kahilingan ni Nikita Khrushchev?
 - A. pahalagahan sa kalikasan
 - B. pigilan ang pagdami ng mga armas
 - C. itaguyod ang mapayapang pakikipamuhay.
 - D. Pagbahagi ng libreng gamot sa mga mamamayan.

3. Ano ang tawag sa epekto ng neokolonyalismo na nabuo sa isipan ng tao na ang mga kanluraning produkto ay mas mabuti at magaling kaysa sa sariling gawa?

A. Continued enslavement	C. Over dependence
B. Lose of Pride	D. Peaceful Co-existence

4. Ano ang tawag sa sistemang pang-ekonomiya na nakatuon sa malayang paggalaw ng mga produkto at serbisyo sa pamilihan?

A. Kapitalismo	C. Sosyalismo
B. Komunismo	D. Totalitarianismo


5. Alin sa sumusunod ang hindi epekto ng Cold War sa mga manggagawa ng Soviet Union?
 - A. Bumaba ang moral ng mga manggawa.
 - B. Naging mahusay sila sa kanilang trabaho.
 - C. Kawalan ng trabaho para sa manggagawa.
 - D. Nakapanglulumong kalagayan ng mga pagawaan.

6. Paano makakamit ng sosyalismo ang perpektong lipunan?
 - A. Pantay na distribusyon ng produksyon sa bansa.
 - B. Palayasin sa bansa ang mga taong nanggugulo sa gobyerno.
 - C. Ikukulang ang mga kumakalaban o tumutuligsa sa pamahalaan.
 - D. Maghikayat ng mga mamumuhunan upang palakasin ang ekonomiya.

7. Paano sinira ng pamamaraang neokolonyalismo ang mga bagay na likas na angkin ng mga kolonya?
 - A. Kinopya ng mga kolonyalista ang ideya ng mga kolonya.
 - B. Pinag-aralan ng mga banyaga sa lenggwahe ng kolonya.
 - C. Pag-impluwensiya nito sa pananamit, pagkain, at kaugalian.
 - D. Pagbenta ng mga dayuhan ng produktong lokal sa kanilang bansa.

8. Paano mailalarawan ang demokrasya bilang uri ng pamahalaan?
- A. Malayang pumili ang tao ng kanyang iboboto.
 - B. Limitado ang karapatan ng mga mamamayan.
 - C. Iisang relihiyon lamang ang susundin ng lipunan.
 - D. Pantay ang kalagayan ng tao sa lipunan, walang mahirap, walang mayaman.
9. Alin sa sumusunod ang hindi epekto ng neokolonyalismo?
- A. Continued enslavement
 - B. Lose of Pride
 - C. Over dependence
 - D. Peaceful Co-existence
10. Ano ang mahalagang epekto ng kasunduan na tapusin ang *Arms Race* noong Cold War?
- A. Lumaki ang alokasyon sa programang pabahay at patubig.
 - B. Napaglaanan ng malaking pondo ang gawaing pang-ekonomiya.
 - C. Nakapaglaan ng pera para sa benipisyong matatanggap ng mga sundalo.
 - D. Mailigtas ang mundo mula sa panganib na maaaring idulot ng digmaang nuclear at biochemical.
11. Bakit binuo ang International Monetary Fund sa panahon ng Cold War?
- A. Maisayos ang malayang kalakalan sa buong mundo.
 - B. Maibigay ang hinihinging benepisyong mga sundalo.
 - C. Maisulong ang gawaing rekonstruksyon at rehabilitasyon.
 - D. Tulungan ang mga sugatan sa digmaan at mga may sakit.
12. Paano naapektuhan ang mga lokal na negosyante sa pagpasok ng neokolonyalismo?
- A. Humina o bumagsak ang kanilang mga ipinatayong negosyo.
 - B. Tumaas ang kanilang kita kung ikumpara sa mga kita ng mga banyaga.
 - C. Lalong lumakas ang kanilang produkto dahil mas pinili ito ng karamihan.
 - D. Naglaho dahil pinagbantaan silang guguluhin kung hindi ipapasara ang kanilang mga negosyo.

13. Ano ang tawag sa uri ng pamahalaan kung saan ang namumuno ay siya ring puno ng relihiyon ng estado?
- A. Awtoritaryanismo
B. Kapitalismo
C. Sosyalismo
D. Totalitaryanismo
14. Bakit sinabing pakunwaring tulong lamang ang nakapaloob sa neokolonyalismo?
- A. Dahil itinali lamang ang bansang tinulungan sa patakaran at motibo ng bansang tumulong.
B. Dahil mas pinapaboran nito ang kapakanan ng mga mahihirap kaysa mga mayayaman.
C. Sapagkat ang bansang tumulong ang mas nangangailangan ng ayuda kaysa bansang tinutulungan.
D. Sapagkat hangarin ng bansang tumulong na direktang sakupin at angkinin ang lupain ng bansang sinakloloan.
15. Sa mga sumusunod, alin ang mahalagang nagawa ng United States sa panahon ng Cold War?
- A. Apollo 11
B. Glasnost
C. Sputnik I
D. Warsaw Pact




Karagdagang Gawain

Gawain 8: Poster Making

Panuto: Gumuhit ng isang larawan na nagpapakita ng iyong sariling pananaw sa kung paano mahinto o matigil ang neokolonyalismo na nararanasan ng mga mahihirap na bansa sa kasalukuyan. Gawing gabay ang sumusunod na rubric sa pagtataya ng iyong awtput. Gawin ito sa hiwalay na papel.

Rubric Para sa Paggawa ng Poster

Pamantayan	Mahusay (5 Puntos)	Katamtaman ang Husay (4 Puntos)	Nangangailangan pa ng Dagdag na Pagsasanay (3 Puntos)	Puntos
Kaangkupan o <i>Relevance</i>	Wasto at malinaw ang pananaw na ipinakita	Hindi gaanong malinaw ang pananaw na ipinakita	Hindi tiyak ang pananaw na ipinakita	
Malikhain	Nagpapakita ng tamang kombinasyon ng kulay	Hindi gaanong tama ang ipinakikitang kombinasyon ng kulay	Kulang sa kombinasyon ng kulay	
Kalinisan ng Pagkakagawa	Napakalinis ng pagkakagawa	Hindi gaanong malinis ang pagkakagawa	Hindi malinis ang pagkakagawa	
Kabuuang				



Susuri ng Pagwawasto

SUBUKIN		
11. D	6. B	1. A
12. A	7. B	2. A
13. D	8. A	3. A
14. A	9. D	4. C
15. B	10. C	5. A

TAYAHIN		
11. A	6. A	1. C
12. A	7. C	2. C
13. A	8. A	3. B
14. A	9. D	4. A
15. A	10. D	5. B

Balikan Gain 1: KWL			
L (Learned) (What I learned)	W (Want to know) (What I want to know)	K (Know) (What I know)	Paksa
Tumutukoy sa pagkapanatay-panipunan at panipunan ang epekto sa mamamayan sa tingin ng batas at sa iba pang pangunahing aspeto ng pamumuhay ng mga mamamayan.	Ibat ibang uri ng ideolohiyang pangkapatay-panipunan at panipunan ang epekto sa mamamayan sa tingin ng batas at sa iba pang pangunahing aspeto ng pamumuhay ng mga mamamayan.	Mga ideya tungkol sa ideolohiyang pangkapatay-panipunan at panipunan ang epekto sa mamamayan sa tingin ng batas at sa iba pang pangunahing aspeto ng pamumuhay ng mga mamamayan.	Ideolohiyang Panipunan
Nakasentro sa paraan ng pakikilahok ng mga mamamayan sa pamamahala.	Mga uri ng ideolohiyang pangkapatay-panipunan at panipunan ang epekto sa mamamayan sa tingin ng batas at sa iba pang pangunahing aspeto ng pamumuhay ng mga mamamayan.	Mga kaisipan na may kinalaman sa pulitika	Ideolohiyang Pamulitika
Nakasentro sa mga patakaran ng pang-ekonomiya ng bansa at paraan ng paghahati ng mga kayamanan para sa mga mamamayan.	Paano makamit ang kabuuang kaunlaran ng isang bansa?	Mga usaping kaugnaysa ekonomiya	Ideolohiyang Pangkabuhayan

Tuklasin Gawain 2: Sisidlan ng Epekto	
Moon Landing satellite Apollo 11 Sputnik I Space Age	Loss of Pride Over Dependence Foreign Debt Debt Trap
Cold War	Neokolonyalismo

Suriin
Ibat Ibang Ideolohiya

1. Ang mga ideolohiyang tinalakay ay ang kapitalismo, demokrasya, totalitaryanismo, awtoritaryanismo, at sosyalismo.
2. a. Kapitalismo - sistemang pangkabuhayan na ang produksiyon, distribusyon, at kalakalan ay kontrolado ng mga probadong manganagalakal hanggan sa maging maliit na lamang ang papel ng pamahalaan sa mga patakarang pangkabuhayan.
b. Demokrasya - nasa kamay ng mamamayan ang kapangyarihan ng pamahalaan. Sa sistemang ito ay ang mga tao ay maaaring makilahok ng tuwiran o di-tuwiran.
c. Totalitaryanismo - karaniwang pinamunuan ng isang diktador o grupo ng taong pamamahala at kabuhayan ay nasa kamay ng grupo o ng diktador.
d. Awtoritaryanismo - pamahalaan ay may lubos na kapangyarihan. Ang namumuno ay siya ring puno ng rehiyon ng estado.
e. Sosyalismo – nakabatay sa doktrinang pang-ekonomiya na ang pamamalakad ay nasa kamay ng isang pangkat ng tao. Ang pangkat ang nagtatakda sa pagmamay-ari at sa pamamahala ng lupa, kapital, at mekanismo ng produksiyon Hangad ang pantay na distribusyon ng produksiyon ng bansa upang makamit ang perpektong lipunan.
3. Malaki ang kinalaman ng ideolohiyang tinahak ng isang bansa sa pagkamit ng kaunlaran. Dumedepende ito sa nakapalob na mga patakaran at aliitunin na naging gabay sa pag-unlad na nagtataguyod sa pagpapahusay sa usaping panlipunang at pampolitika na naging mga susi upang mapabuti ang kalagayang pang-ekonomiya ng bansa.

Suriin
Ang Cold War

1. Ang ibig sabihin ng Cold War ay tunggalian ng kapangyarihan at ideolohiya.
2. Nakapekto ang Cold War sa kapayapaan sa buong mundo dahil ang US at Soviet Union ay naging aktibo sa pagpapalawak ng kanilang kapangyarihan at ideolohiya sa mga bansa sa buong daigdig na nagdulot ng kaguluhang at digmaan. Nagdulot din ito ng tensyon sa kalagayang panlipunang kung saan naganap ang paghahati ng mga mamamayan kung sino ang dapat papanigan. Naapektuhan din naman ang kalagayang pang-ekonomiya, halimbawa na lamang ang pagpapalabas at pagpasok ng mga produkto sa bawat bansa, dumedepende ito sa ideolohiyang niyakap at ang pamamaraan nakapalob nito.
3. Ang mabuting dulot ng napagkaksunduan pagtigil ng Arms Race ay nakatulong upang makamit ang pandaigdigang kapayapaan. Nalimitahan o natigil nito ang pagpaparami ng mga armas at mga bomba upang maiwasan ang tensyon at malawakang digmaan sa buong mundo.

Surtin

Ang Neokolonyalismo

1. Ang pamamaraang ginamit sa neokoloyalismo ay ang patuloy na pag-impluwesya at pagkontrol sa pang-ekonomiya at panlipunan kahit na walang direktang presensya ng militar o pangangasiwa sa pamahalaan ng mga dating kolonya. Layunin nito na maitali pa rin sa sariling interes ng mga mananakop ang galaw at pakinabang ng mga nakapaloob na mga bansa.

2. Naimpluwensiyahan at nakokontrol nito ang galaw, karapatan, at kalayaan ng isang bansa. Nagdulot ito ng pagkaimot ng sariling hiyas sa mga katutubo, labis na pagdepende, pagkabaon sa utang, patuloy na pang-aalipin, at kawalan ng karangalan.

3. Hindi, dahil ang mga dating kolonya ay naagawan o hindi nabigyan ng pagkakataon na pamahalaan at pangasiwaan ang sariling bansa. Kahit pa sabihing hindi ito madaling umunlad ang mahalaga ay nasusukat ng isang bansa ang kapasidad na maitaguyod ang kaunlaran sa sariling pagsisikap.

Epekto sa Pamahalaan	Epekto sa Ekonomiya	Epekto sa Lipunan	Mga Ideolohiyang Laganap
Nasasapawan na ang pamahalaan sa pamamalakad sa pangkabuhayan	Kalayaang makapagdesisyon sa dami ng ipapagawa o ipapalabas na produkto sa pamilihan.	Maraming mapagpipilian na produkto; malayang nakapaghanapbuhay ang mga tao; nagkaroon ng kompetisyon	1. Kapitalismo
Di mabuti ang dulot dahil may mabilang na umabuso sa kanilang kapangyarihan	Mga patakarang panghanapbuhay na nagtaguyod ng malayang kalakalan at pagpapahalaga sa mga manggawa	Napahalagahan ng mga mamamayan ang kanilang mahalagang papel	2. Demokrasya
Matatag at ganap na sumusunod ang mga mamamayan dahil sa istrikong pamamahala	Limitado lamang ang mga gawing pangkabuhayan dahil sinaalang-alang lamang nito ang kagustuhan ng pinuno	Halos nawalan na ng karapatan ang mga mamamayan	3. Awtoritarianismo
Lumakas ang kapangyarihan ng pamahalaan dahil ang mga tao ay umaasa sa tatahakin nito	Ang kaunlaran ng ekonomiya ay dumepende sa kagustuhang pangkat na nagtataka at nangangasiwa sa produksiyon	Pantay ang pagkamit ng mga produksiyon	4. Sosyalismo
Matatag at may malakas na kapangyarihang kinakatatakutan	Limitado ang gawing pangkabuhayan dahil sa ang pamahalaan ang nagtataka nito	Limitado ang karapatan ng mga mamamayan	5. Totalitarianismo

Pagyamanin
 Gawain 4: Timbang-Epekto
 Cold War
 Mabuting Epekto - pagkakaroon mga bagong imbesyon na nakatulong at nakapagpago sa pamunhayan ng tao; pagkakaroon ng eksplorasyon, pag-aaral, at kaalaman sa kalawakan
 Di-Mabuting Epekto - naputol ang bukas na kalakalan na nakapekto sa pandaigdigang pang-ekonomiya; limitado ang paglalabay; at nagdulot ng kaguluhan at digmaan sa iba't ibang panig sa buong mundo
 Neokolonyalismo
 Mabuting Epekto - nadagdagan ang kaalaman at napalawak ang kamalayan sa iba't ibang larangan; nagkaroon ng malawak na ugnayan ang mga bansa sa buong daigdig
 Di Mabuting Epekto – labis na pagdepende, patuloy na pag-aalipin, pagkabaon sa utang, at pagkawala ng karangalan ng mga dating kolonya

Isaisip
 Gawain 5: Dagdag-Tama
 Natutuhan ko sa araling ito na ang epekto ng ideolohiya ay depende sa uri ng ideolohiyang niyakap ng isang bansa na nagtatagda ng mga alituntunin sa aspetong panlipunan kung itaguyod ba nito ang kalayaan at karapatan ng mga mamamayan. Sa aspetong pang-ekonomiya, kung ang pagtatagda ba nito ay iaasa sa mga negosyante, manggagawa, o sa pamahalaan upang maisulong ang kaunlaran. Gayundin naman sa aspetong pampolitika na nabigyan ng lubos na kapangyarihan ang isang pinuno o pangkat ng mga tao o kaya ay pakikilahok ng mga tao sa pagpili ng magising lider. Samantalang sa Cold War ay nagbunga ito ng mabuti at di-mabuting epekto sa buong daigdig. Habang ang epekto naman ng neokolonyalismo ay makikitang negatibo na patuloy pa rin ang pag-impluwensiya at pagkontrol ng mga mananakop sa dati nitong kolonya.
 Isa sa mahalagang nahihinuha ay ang pagpili ng ideolohiyang nagbibigay ng malawak na karapatan sa lipunan at ang aktibong pakikilahok ng mga tao sa pamahalaan upang maitaguyod ang kaunlaran ng bawat isa at maging ang ekonomiya ng bansa.
 Ito ay mahalaga sapagkat naisaalang-alang nito ang karapatan at kalayaan ng mga tao at nabigyan ng pagkakataon na maipakita ang kapasidad at kakayahang ng bawat isa.
 Sa pangkabuuan, masama man o mabuti ang epekto ng ideolohiya, Cold War, at ng neokolonyalismo ay mas marami pa rin ang magandang naidulot nito sa buong daigdig. Hangad pa rin nito ang pagpapahusay sa buhay ng tao at pagsulong ng kapayapaan sa buong mundo. Pinabuti nito ang ugnayan ng mga bansa at ang gawing pangkalakalan.

Karagdagang Gawain
 Gawain 8: Poster-Making
 Mga Posibleng Ipapakitang Larawan
 1. Pagtangkil sa sariling produkto
 2. Pagpapalatas sa turismo upang matulungan ang ekonomiya ng bansa
 3. Hindi na umaasa ng lubos sa nangungunang mga bansa
 4. Limitahan o hindi na pag-utang sa mga Pandaigdigang o Rehiyonal na mga Bangko
 5. Pagkakaroon ng mga lokal na industriya na liliinang sa likas na yaman

Isagawa
 Gawain 7: Putol-Tali
 1. Pahusayin ang kalidad ng sariling produkto at tangkilikin ang mga ito.
 2. Pagbutihin ang gawain pangturismo
 3. Repasuhin ang mga polisiya ng pakipagkakalakalan sa iba't ibang bansa at bigyang-diin ang pagliinang sa pakinabang ng likas na yaman na magbunga ng kasaganaan para sa mga mamamayan at ekonomiya ng bansa.

Isagawa
 Gawain 6: Tanggap Ko, Impluwensiya Mo

Aspeto	Impluwensiya	Hinuha
Pagkain	hotdog, sphagheti, hamburger, apple, pizza	Naging palasak sa panlasang Filipino at naipagpalit ang mga katutubong pagkain tulad ng kalamay, puto, latik, at bingka
Panamamit	tuxedo, kurbata, polo shirt, maikling damit, palda, blusa, sapatos	Kaaya-ayang tingnan at mainam sa pang-araw-araw na gawain kung ihahambing sa katutubong kasuotan
Wika	cake, toothpaste, golf, chess, coke	Nadagdagang mga salita at kaalaman
Kaugalian	Pagmamano sa magulang at nakatatanda, delicadeza, pagdaraos ng fiesta, palabra de honor, Christian devotion	Nag-iwan ng mabuting bakas ang mga dayuhan na nagpayaman sa kaugalian at kultura ng mga Filipino

Sanggunian

Blando, Rosemarie C., Michael M. Mercado, Mark Alvin M. Cruz, Angelo C. Espiritu, Edna L. De Jesus, Asher H. Pasco, Rowel S. Padernal, Yorina C. Manalo, Kalenna Lorene S. Asis. 2014. *Kasaysayan ng Daigdig: Araling Panlipunan 8 – Modyul ng mag-aaral*. Pasig City, Philippines: Department of Education-Instructional Materials Council Secretariat (DepEd-IMCS). Pahina 498 – 499, 509, 511, 517.

Websites:

<https://brainly.ph/question/17355092>

<https://study-assistantph.com/araling-panlipunan/question514756890>

<https://knowledgebase-ph.com/araling-panlipunan/question514702019>

<https://brainly.ph/question/12308562>

<https://quizizz.com/admin/quiz/5e322bb00e52f4001d0b7b98/neo-kolonyalismo>

<https://brainly.ph/question/14615796>

<https://www.slideshare.net/ssusercdf4f/modyul-20-neokolonyalismo>

<https://brainly.ph/question/2522940>

<https://study-assistantph.com/filipino/question515184834>

Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph